22 January 2013 - Malugod na ipinababatid ng Department of Foreign Affairs (DFA) Regional Consular Office sa Lucena (DFA-Lucena) na bukas ang kanilang tanggapan sa publiko mula Lunes hanggang Sabado sa ganap na ika-9:00 ng umaga hanggang ika-6:00 ng hapon para sa *processing at releasing* ng *passport*. Wala po silang *lunch break* kaya tuluy-tuloy po ang kanilang serbisyo publiko.

Pinapayuhan rin ang mga aplikante na iwasang pumunta nang mas maaga sa takdang oras ng pagbubukas ng tanggapan upang maiwasan ang matagal na paghihintay sa labas ng *mall*.

Ito po ang mga kinakailangang dokumento ng mga bagong aplikante:

Authenticated Birth Certificate na galing sa National Statistics Office (NSO);

Proof of identity, gaya ng mga sumusunod: School ID, Company ID, yearbook/ Annual Book, Driver's Licence, PRC ID, Credit Card with picture, Seaman's book, Digitized SSS ID, Private Security Licence ID, IBP ID, Digitized BIR ID, GSIS e-card, Senior Citizen's ID, Voter's ID or Voter's Registration Record with official receipt;

Authenticated Marriage Contract (para sa mga kababaihan na may asawa).

Mangyari po lamang na personal na magtungo ang mga aplikante sa tanggapan ng DFA-Lucena sa ikatlong palapag ng Pacific Mall, Lucena, Quezon.

Para po sa mga karagdagang katanungan, maaari pong tawagan ang (042) 710-4526 o magsadya mismo sa DFA-Lucena. WAKAS